
LEVEL 2

# Leveled Reader
## in Filipino


# Si Dolly at ang Kaniyang Munting Pulang Payong




Isinulat at iginuhit ni Wong Chew Wee




Dala ng bibe na si Dolly
ang isang munting pulang
payong na ibinigay ng
kaniyang butihing lola.
Palagi niya itong dala-dala
saanman siya magpunta,
mainit man o maulap.



Isang maulang araw noon, naghahanda si Dolly patungong bahay ng kaniyang lola. Ngunit hindi makita ni Dolly ang kaniyang munting pulang payong.



“Naku! Nasaan na kaya ang aking payong?”
nag-aalalang tanong niya.
“Mayroon sanang nakaaalam kung nasaan ito.”



Tumakbo palabas ng bahay si Dolly. Nakasalubong niya sa daan ang ardilyang si Sneaky. “Nakita mo ba ang aking munting pulang payong?” tanong ni Dolly. “Hindi,” sagot ni Squeaky. “Ngunit, maaari mong gamitin itong aking payong.”



“Salamat! Napakabait mo. Ngunit kailangan kong hanapin ang aking munting pulang payong,” wika ni Dolly habang palakad-lakad sa tabing-ilog.



Nagpapahinga sa isang troso ang palakang si Freckle.

“Nakita mo ba ang aking munting pulang payong?” tanong ni Dolly.

“Hindi,” sagot ni Freckle.

“Ngunit maaari mong mahiram ang sa akin.”



“Salamat! Napakabait mo,” sagot ni Dolly.
“Pero kailangan ko talagang mahanap ang aking munting pulang payong.”
Agad na tumawid ng ilog si Dolly.




Kalalabas lang ng dagang si Mighty sa kaniyang bahay.
“Nakita mo ba ang aking munting pulang payong?” tanong ni Dolly.
“Hindi,” sagot ni Mighty.
“Ngunit maaari mong mahiram ang sa akin.”



“Naku!” naiiyak na sabi ni Dolly.
“Gusto ko ang payong ko. Mahalaga iyon sa akin dahil matagal na sa akin ang payong ko.”



Biglang tumigil ang ulan at natuwa si Dolly. Naroon ang kaniyang lola at hawak ang kaniyang payong!



“Maaraw at maaliwalas ang panahon noong huli mo akong binisita,” paliwanag ng kaniyang lola. “Nawala yata sa isip mo dahil naiwan mo ito sa bahay.”
Nakangiting iniabot ng kaniyang lola ang payong kay Dolly.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation